

Patnubay para sa Pagsusuot ng Mask sa Panahon ng COVID-19

Buod ng mga Pagbabago noong Marso 14, 2022

- In-update upang umayon sa mga binago sa [Kautusan sa Mask ng Kalihim ng Kalusugan](#) (nasa wikang Ingles lang) at [Proklamasyon ng Gobernador](#) (nasa wikang Ingles lang)

Panimula

Kapag nagsuot ka ng mask, matutulungan mong protektahan ang ibang tao sa iyong paligid pati na rin ang sarili mo. Sa pagtugon sa pandemyang ito, natutunan namin na may mga pagkakataon at lugar kung saan ang pagsusuot ng mask ay lubos na nakakabawas ng hawahan sa COVID-19 sa pagitan ng mga tao, na nakakasagip ng buhay at nakakatulong na mapanatiling bukas ang ekonomiya sa paraang ligtas at mahusay. Ang mga naka-layer na estratehiya sa pag-iwas gaya ng pananatiling updated sa mga bakuna at pagsusuot ng mask ay makakatulong sa pag-iwas sa malubhang pagkakasakit at sa pagpapababa ng posibilidad na magkaproblema ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan – lalo na kapag mataas ang antas ng hawahan.

Ayon sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), may ilang mask at respirator na nakakapagbigay ng mas mataas na antas ng proteksyon kaysa sa iba, habang may ilan namang mas mahirap suutin nang matagal o nang tuloy-tuloy kaysa sa iba. Ang pinakamahalaga ay ang pagsusuot ng mask o respirator na maayos na nakalapat sa wastong paraan na maginhawa para sa iyo at nakakapagbigay ng mahusay na proteksyon. Makakahanap ng iba pang impormasyon sa webpage ng CDC tungkol sa [mga uri ng mask at respirator](#).

Maaaring gumamit ng face shield na may drape ang mga taong may mga kondisyong may kinalaman sa paglilinang o pag-uugali, o medikal na pumipigil sa kanilang magsuot ng mask. Maaari ding gumamit ng face shield na may telang drape; na puwede ring gamitin ng mga bata sa child care (pangangalaga sa bata), day camp, at sa mga lugar ng K-12 kung hindi kayang magsuot ng mask na maayos na nakalapat. Tingnan ang patnubay ng Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan) para sa impormasyon sa pagsusuot ng mask para sa [Mga K-12 na Paaralan at mga Programa ng Child Care, Maagang Pag-aaral, Paglilinang ng Kabataan, at Day Camp \(Tagalog\)](#). Bukod pa rito, tingnan ang seksyon ng CDC na [Mga pagsasaalang-alang para sa mga partikular na grupo ng tao](#) para sa iba pang impormasyon. Hindi inirerekomenda ng DOH ang paggamit ng mask na may exhalation valve (balbula para sa pagbuga ng hangin) o vent, o ng bandana at gaiter na may iisang patong lang.

Sa [lugar ng trabaho](#), maaaring may iatas na partikular na mask o respirator. Maaaring gumamit ng respirator na may exhalation valve ayon sa patnubay na inilathala ng Washington State Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) at ng [Washington State Department of Labor & Industries \(L&I, Kagawaran ng Paggawa at mga Industriya ng Estado ng Washington\)](#) (nasa wikang Ingles lang).

Mangyaring pumunta sa [webpage ng DOH tungkol sa mask](#) (nasa wikang Ingles lang) para sa listahan ng mga madalas itanong tungkol sa mask.

Mga Kasalukuyang Mandato at Kautusan sa Kalusugan

Ang mga kasalukuyang pampublikong kautusang nakalista sa ibaba ay nag-aatas sa mga tao na magsuot ng mask sa ilang partikular na lugar, kasama na ang sumusunod:

- [Mga Lugar ng Pangangalagang Pangkalusugan](#)
- Koreksyonal o Bilangguan (bilibid at bilanguang para sa nasa hustong gulang)

- [Pampublikong Transportasyon \(nasa wikang Ingles lang\)](#)

Kautusan ng Washington State Department of Health

Ang [Secretary of Health Mask Order \(Kautusan sa Mask ng Kalihim ng Kalusugan\)](#) (nasa wikang Ingles lang) ay nag-aatas sa mga taga-Washington na magsuot ng mask sa [mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan](#) at sa mga bilibid at bilanguang para sa nasa hustong gulang, anupaman ang katayuan sa pagpapabakuna nang may limitadong eksepsiyon at pagbubukod. Responsibilidad ng bawat tao ang pagsunod sa kautusang ito; gayunpaman, responsibilidad rin ng mga negosyo na ipatupad ito sa kanilang mga empleyado at kostumer. Pakitingnan ang mga kautusang nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon.

Pederal na Kautusan

Makikita ang mga kinakailangan para sa pampublikong transportasyon sa [Centers for Disease Control and Prevention order \(kautusan ng Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit\)](#) (nasa wikang Ingles lang). Ang kautusang ito ay nag-aatas sa mga pasahero na magsuot ng mask sa lahat ng pampublikong transportasyon at sa mga hub ng transportasyon kasama na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga eroplano, barko, ferry, tren, subway, bus, taxi, at ride-share (pagsabay sa ibang tao sa sasakyan). Dapat iatas ng mga tagapagpatakbo ng pampublikong transportasyon sa lahat ng pasahero ang pagsusuot ng mask sa pagsakay, pagbaba, at sa kabuuan ng biyahe. Makakahanap ng iba pang impormasyon sa [webpage ng CDC para sa mga Legal na Awtoridad](#) (nasa wikang Ingles lang).

Hindi inaatasan ng CDC ang mga tao na magsuot ng mask sa loob ng bus o van na pinapatakbo ng mga pampubliko o pribadong sistema ng K-12 na paaralan o ng mga programa ng maagang pangangalaga at pag-aaral/child care. Ang mga sistema ng paaralan at ang mga programa ng maagang pangangalaga at pag-aaral ang magpapasya kung pipiliin nilang iatas sa mga tao ang pagsusuot ng mask sa loob ng bus o van. Mangyaring tingnan ang patnubay na [Mga Kinakailangan at Patnubay sa Pagkontrol ng Hawahan sa COVID-19 sa mga K-12 na Paaralan at sa mga Programa ng Child Care, Maagang Pag-aaral, Paglilinang ng Kabataan, at Day Camp](#) (Tagalog) ng DOH para sa iba pang impormasyon tungkol sa transportasyong bus.

Proklamasyon ng Gobernador ng Estado ng Washington

Ang impormasyon tungkol sa mga responsibilidad at inaasahan sa mga negosyo kaugnay ng mga kostumer at empleyado ay nakalista sa [Proklamasyon 20-25.19 Handa ang Washington sa COVID-19](#) (nasa wikang Ingles lang) at sa [Proklamasyon 21-08 – Mga Ligtas na Manggagawa](#) (nasa wikang Ingles lang).

Proklamasyon sa Paggawa at Industriya at ng Gobernador ng Estado ng Washington

Bagamat hindi iniaatas ang pagsusuot ng mask sa karamihan ng lugar ng trabaho ayon sa proklamasyon ng Gobernador na nakalista sa itaas, maaari pa ring iatas ng mga pribadong negosyo ang pagsusuot ng mask kung gusto nila. Mangyaring igalang ang [mga patakaran sa kuwarto](#). Bukod pa rito, ayon sa [Proklamasyon ng Gobernador para sa mga Ligtas na Manggagawa](#) (nasa wikang Ingles lang), ang ilang empleyadong may partikular na kinakaharap na panganib sa kalusugan o nakatira kasama ng mga taong nanganganib na magkasakit ng COVID-19 nang malubha ay maaaring kailanganin o gustuhin pa ring magsuot ng mask; may karapatan ang mga manggagawa na magsuot ng mask upang protektahan ang kanilang mga sarili, pamilya at komunidad. Noong 2021, ipinasa ng Lehislatura ang Substitute Senate Bill 5254, na nagpoprotekta sa karapatan ng manggagawa na magsuot ng mask kung may emergency sa pampublikong kalusugan, at naisabatas na ang proteksyong ito sa [Revised Code of Washington \(RCW, Binagong Kodigo ng Washington\) 49.17.485](#) (nasa wikang Ingles lang).

Mangyaring tingnan ang [Mga Kinakailangan at Patnubay para sa Pag-iwas sa COVID-19](#) (nasa wikang Ingles lang) at ang [Mga Karaniwang Tanong sa COVID-19 Hinggil sa Kinakailangang Pantakip sa Mukha at Mask ng Manggagawa](#) (nasa wikang Ingles lang) ng L&I para sa iba pang impormasyon para sa mga lugar ng trabaho.

Mga Lokal na Entidad at Opisyal sa Pampublikong Kalusugan

Ang mga lokal na opisyal sa kalusugan ay may awtoridad na magpatupad ng mga kautusan sa kalusugan upang makontrol at maiwasan ang pagkalat ng sakit sa loob ng kanilang hurisdiksiyon. Maaaring maging mas mahigpit,

ngunit hindi mas maluwa, ang mga kautusang ito kaysa sa mga kautusang pambuong estado. Alamin sa [lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan](#) (nasa wikang Ingles lang) at sundin ang lahat ng kautusan sa kalusugan na ipinapatupad para sa lugar na iyon.

Mga Rekomendasyon

Bagamat ipinapahayag ng impormasyong nasa itaas ang kinakailangan pa ring pagsusuot ng mask sa mga partikular na lugar sa ngayon, ipinapakita ng sumusunod na impormasyon ang mga pangkalahatang rekomendasyon para sa pampublikong kalusugan na dapat isaalang-alang.

Mga Rekomendasyon para sa Pagsusuot ng Mask sa mga Lugar kung saan Maraming Nagtitipon na Hindi Kaugnay ng Pangangalagang Pangkalusugan

Inirerekomenda ang paggamit ng mask sa loob ng gusali kung maaari sa mga sumusunod na lugar o sitwasyon. Mangyaring tingnan sa ibaba ang patnubay na partikular sa sektor.

- [Mga lugar ng tagapagbigay-serbisyo para sa mga walang tirahan](#) (nasa wikang Ingles lang)
- [Pangkomersiyong sasakyang pandagat](#) (nasa wikang Ingles lang) (hal., [pangkomersiyong barko/bangka para sa pagkaing-dagat](#) (nasa wikang Ingles lang), cargo ship, cruise ship)
- [Matataong lugar ng trabaho](#) (nasa wikang Ingles lang) kung saan imposibleng magkaroon ng pisikal na distansiya dahil sa katangian ng trabaho gaya ng bodega, pabrika, at mga pasilidad sa pagpapakete ng pagkain at pagproseso ng karne
- Mga tirahang pangmaramihan na may mga pasilidad kung saan marami ang nagtitipon (hindi kasali ang mga kuwartong tulugan), kasama na ang mga pasilidad para sa paghahanda sa paglaya sa bilibid, transitional housing (pansamantalang pabahay bago makalipat), mga pasilidad para sa rehabilitasyon o piitan para sa wala pa sa hustong gulang, at pansamantalang pabahay para sa mga manggagawa
- Mga lugar sa loob ng gusali kung saan pumupunta ang mga taong nakakulong sa mga bilibid o bilanguang para sa nasa hustong gulang, sa mga pasilidad para sa rehabilitasyon o piitan para sa mga wala pa sa hustong gulang (hal., sa mga hukuman).

Ang mga taong nakatira o nagtatrabaho sa mga lugar na nasa itaas ay dapat sumunod sa mga rekomendasyong katulad ng para sa pangkalahatang publiko kapag wala sa mga lugar na ito (hal., kapag nasa komunidad). Maaaring iatas ng mga kinaukulan sa pampublikong kalusugan ang paggamit ng mask sa mga partikular na sitwasyon, gaya ng sa panahon ng paglaganap ng sakit.

Ang mga establisimiyentong hindi kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan kung saan nagtitipon-tipon ang mga tao (gaya ng mga negosyo at organisasyon) ay maaaring mag-atas ng pagsusuot ng mask sa kanilang mga pasilidad. Dapat isaalang-alang ng mga establisimiyentong ito ang lahat ng sumusunod na salik kapag nagpapasya kung iaatas ang pagsusuot ng mask sa kanilang lugar:

- Kahinaan ng mga tao sa lugar
 - Ang mga taong hindi [updated](#) sa mga bakuna ng COVID-19 ay mas madaling mahawahan ng COVID-19 at magkasakit nang malubha
 - Ang mga taong may [mga partikular na medikal na kondisyon](#) ay may mas mataas na panganib na magkasakit ng COVID-19 nang malubha
- Kalidad ng bentilasyon sa lugar - tingnan ang [Bentilasyon at Kalidad ng Hangin para sa Pagbawas ng Hawahan sa COVID-19 \(wa.gov\)](#) (nasa wikang Ingles lang) at [Bentilasyon sa mga Gusali | CDC](#) para sa impormasyon at mga opsiyon sa bentilasyon, kasama na ang mga pasilidad na mayroon at walang sistema ng Pagpapainit, Bentilasyon, at Pagpapalamig ng Hangin
- Kakayahan ng mga tao na makapagpanatili ng pisikal na distansiya sa lugar
- May pinaghihinalaan o kumpirmadong paglaganap ng COVID-19 sa lugar – lubos na inirerekomenda ang paggamit ng mask sa loob ng gusali kapag laganap ang sakit sa isang lugar kung saan maraming nagtitipon na hindi kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan

- Kapag mataas ang antas ng pagkakasakit sa komunidad, inirerekomenda ng CDC at DOH na magsuot ang lahat ng tao ng mask sa loob ng gusali, anupaman ang katayuan sa pagpapabakuna. Tingnan ang [Mga Antas ng COVID-19 sa Komunidad ng CDC](#)

Hindi dapat pigilan ng mga establisimyentong ito ang mga indibidwal na magsuot ng mask kung gusto nila. Tingnan sa ibaba ang mga rekomendasyon sa pagsusuot ng mask ng indibidwal at ang mga pagsasaalang-alang batay sa panganib.

Mga Rekomendasyon sa Pagsusuot ng Mask ng Indibidwal

Ang mga taong may mga sintomas, positibong pagsusuri, o nalantad sa isang taong may COVID-19 ay dapat magsuot ng mask, alinsunod sa [Ano ang gagawin kung nagpositibo ka sa pagsusuri sa COVID-19 \(nasa wikang Ingles lang\)](#), [Ano ang gagawin kung posibleng nalantad ka sa isang taong may COVID-19 \(nasa wikang Ingles lang\)](#), at sa [Mga Puno para sa Pagpapasyang May Kinalaman sa Sintomas ng COVID-19](#) (Tagalog). Dapat magsuot ang mga indibidwal ng mask kung iniaatas ito sa kinaroroonan nilang lugar. Tingnan ang seksyong [Mga Kasalukuyang Mandato at Kautusan sa Kalusugan](#) para sa mga kinakailangang impormasyon.

Kahit na iba sa nasa itaas ang sitwasyon, maaari pa ring magsuot ang mga tao ng mask kung gusto nila, batay sa impormasyong alam nila tungkol sa antas ng panganib sa kanilang mga sarili o sa komunidad. Dapat isaalang-alang ng mga indibidwal ang lahat ng sumusunod na salik kapag nagpapasya kung magsusuot ng mask:

- Ang katayuan sa pagpapabakuna ng indibidwal at ang katayuan sa pagpapabakuna ng pamilya, mga kaibigan, at ng iba pang tao sa kanyang paligid - Ang mga taong hindi [updated](#) sa mga bakuna ng COVID-19 ay mas madaling mahawahan ng COVID-19 at magkasakit nang malubha
- Ang [mga medikal na kondisyon](#) ng indibidwal at ang mga medikal na kondisyon ng pamilya, mga kaibigan, at ng iba pang tao sa kanyang paligid na nagpapataas sa panganib na magkasakit ng COVID-19 nang malubha
- Ang mga katangian ng kinaroroonan mong lugar (hal., matao, may hindi maayos na bentilasyon)
- Kapag mataas ang antas ng pagkakasakit sa komunidad, inirerekomenda ng CDC at DOH na magsuot ang lahat ng tao ng mask sa loob ng gusali, anupaman ang katayuan sa pagpapabakuna. Tingnan ang [Mga Antas ng COVID-19 sa Komunidad ng CDC](#) (nasa wikang Ingles lang)

Iba Pang Impormasyon at Dulugan sa COVID-19

Manatiling may alam tungkol sa [kasalukuyang sitwasyon ng COVID-19 sa Washington](#) (Tagalog), [mga proklamasyon ni Gobernador Inslee](#) (nasa wikang Ingles lang), [mga sintomas](#) (nasa wikang Ingles lang), kung [paano ito kumakalat](#) (nasa wikang Ingles lang), at kung [paano at kailan dapat masuri ang mga tao](#) (nasa wikang Ingles lang). Tingnan ang aming [Mga Madalas Itanong](#) (nasa wikang Ingles lang) para sa iba pang impormasyon.

Ang lahi/etnisidad o nasyonalidad ng isang tao ay hindi naglalagay sa kanya sa mas malaking panganib na magkaroon ng COVID-19. Gayunpaman, ayon sa datos, hindi balanseng naapektuhan ng COVID-19 ang mga komunidad ng mga taong may kulay- dahil ito sa mga epekto ng rasismo, at structural racism (rasismo sa istruktura) sa partikular, na nagbibigay sa ilang grupo ng mas kaunting pagkakataong maprotektahan ang kanilang mga sarili at komunidad. [Hindi makakatulong ang pagkakaroon ng stigma sa paglaban sa sakit](#) (nasa wikang Ingles lang). Magbahagi ng tumpak na impormasyon sa iba upang mapigilan ang pagkalat ng tsismis at maling impormasyon.

- [Paglaganap ng 2019 Novel Coronavirus \(COVID-19\) ng WA State Department of Health](#) (Tagalog)
- [Tugon sa Coronavirus ng Estado ng Washington \(COVID-19\)](#) (Tagalog)
- [Hanapin ang Iyong Lokal na Kagawaran o Distrito ng Kalusugan](#) (nasa wikang Ingles lang)
- [Coronavirus \(COVID-19\) ng CDC](#) (nasa wikang Ingles lang)
- [Paano Gumawa ng Face Mask na Madaling Gamitin at Akma para sa mga Bingi \(Hearing, Speech & Deaf Center \(HSDC\)\)](#) (nasa wikang Ingles lang)

Mayroon pang tanong? Tumawag sa aming hotline para sa Impormasyon sa COVID-19: **1-800-525-0127**

Lunes – 6 a.m. hanggang 10 p.m., Martes – Linggo at [sa mga idinadaos na piyesta-opisyal ng estado \(nasa wikang Ingles lang\)](#), 6 a.m. hanggang 6 p.m. Para sa mga serbisyo ng pagsasaling-wika, **pindutin ang #** at **sabihin ang iyong wika** kapag may sumagot na. Para sa mga tanong tungkol sa iyong sariling kalusugan, pagsusuri sa COVID-19, o mga resulta ng pagsusuri, mangyaring makipag-ugnayan sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 ([Washington Relay](#)) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Apendiks A: Glosaryo

Lugar ng Pangangalagang Pangkalusugan

Ayon sa [Secretary of Health's Mask Order \(Kautusan sa Mask ng Kalihim ng Kalusugan\)](#) (nasa wikang Ingles lang), ang mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan at mga lugar para sa pangmatagalang pangangalaga ay anumang pampubliko o pribadong lugar na pangunahing ginagamit para sa paghahatid ng mga personal na serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa mga tao, nang may ilang eksepsiyon. Kung matatagpuan ang lugar sa isang pasilidad na pangunahing ginagamit para sa paghahatid ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan, gaya ng ospital, ang buong pasilidad ay itinuturing bilang lugar ng pangangalagang pangkalusugan o lugar para sa pangmatagalang pangangalaga, at dapat magsuot ng pantakip sa mukha sa buong pasilidad, nang may mga eksepsiyon at pagbubukod sa kautusan sa pantakip sa mukha. Kung matatagpuan ang lugar sa isang pasilidad na pangunahing ginagamit para sa ibang layunin, gaya ng parmasya sa loob ng isang tindahan ng grocery o tanggapan ng nars sa paaralan, ang mga bahaging pangunahing ginagamit para sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan lang ang itinuturing bilang lugar ng pangangalagang pangkalusugan o lugar para sa pangmatagalang pangangalaga, ngunit hindi ang iba pang bahagi ng pasilidad. Dapat magsuot ng pantakip sa mukha sa mga lugar na pangunahing ginagamit para sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan, nang may mga eksepsiyon at pagbubukod sa kautusan sa pantakip sa mukha. Maliban na lang kung hindi kasali sa ibaba, kasama sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga indibidwal na may mga kredensiyal na nakalagay sa listahan ng [Mga Kinakailangang Kredensiyal mula sa Propesyonal sa Pangangalagang Pangkalusugan](#) (nasa wikang Ingles lang) pati na rin ang mga indibidwal na pinapahintulutan ng batas na magbigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan nang walang kredensiyal. **Ang lahat ng empleyado at bisita, bukod pa sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, ay kailangang magsuot ng mask kapag nasa loob ng gusali sa mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan.**

Ang sumusunod ay hindi eksklusibong listahan ng mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan at lugar para sa pangmatagalang pangangalaga:

- Kasama sa mga pasilidad para sa panandaliang pangangalaga ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga ospital;
- Mga pasilidad para sa tuloy-tuloy na panandaliang pangangalaga;
- Mga pasilidad para sa rehabilitasyon kung saan kailangang manatili ng pasyente nang matagal;
- Mga pasilidad para sa kalusugang may kinalaman sa pag-uugali kung saan kailangang manatili ng pasyente nang matagal, kasama na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga pasilidad para sa pagsusuri at paggamot, tinitirhang pasilidad para sa paggamot, secure na pasilidad para sa pag-detox;
- Mga tinitirhang pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga, kasama na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga nursing home, pasilidad para sa pamumuhay nang may gabay, pampamilyang tirahan para sa nasa hustong gulang, lugar kung saan nagbibigay ng mga sertipikadong serbisyo at suportang pangkomunidad, at pasilidad para sa enhanced services (mas maiinam na serbisyo);
- Mga mobile na klinika o iba pang sasakyan kung saan naghahatid ng pangangalagang pangkalusugan;
- Mga pasilidad na outpatient (kung saan hindi nananatili nang matagal ang pasyente), kasama na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga dialysis center, tanggapan ng doktor, at pasilidad para sa kalusugang may kinalaman sa pag-uugali (kasama na ang mga tanggapan ng mga psychiatrist, tagapayo sa kalusugan ng pag-iisip, at mga propesyonal para sa pagkalulong sa droga);
- Mga pasilidad para sa serbisyong dental at may espesyalidad sa serbisyong dental;
- Mga pasilidad para sa optometry at ophthalmology;
- Mga parmasya (hindi kasali ang mga tingiang bilihan);
- Mga tanggapan para sa pagmamasaha bilang therapy (kasama na rito ang mga nakatalagang lugar kung saan nagmamasaha sa loob ng lugar na hindi kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga spa at wellness/fitness center);
- Tanggapan ng chiropractor;
- Mga lugar kung saan nagseserbisyo ang isang midwife at mga hiwalay na paanakan;
- Mga pasilidad para sa pagbukod at/o pag-quarantine;
- Mga pasilidad para sa pag-opera kung saan makakauwi rin agad ang pasyente pagkatapos;

- Mga sentro ng agarang pangangalaga;
- Mga sentro ng pangangalagang panghospisyo; at
- Mga lugar kung saan naghahatid ang mga binayarang provider ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay, pangangalaga sa bahay, personal na pangangalaga, o pangangalagang panghospisyo.

Hindi kasama sa mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan at lugar para sa pangmatagalang pangangalaga ang:

- Mga lugar kung saan isinasagawa ang mga sport at kaganapang bukas sa publiko o iba pang pagtitipon (kasama na ang kapag nagbibigay-alaga sa mga manlalaro ang mga may kredensiyal na tagapagsanay ng atleta), na iba pa sa mga lugar na pangunahing ginagamit para sa paghahatid ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga nakatalagang lugar para sa pagbibigay ng paunang lunas (na itinuturing bilang lugar ng pangangalagang pangkalusugan);
- Mga bahay-kalingang lisensiyado ng Department of Children, Youth & Families (DCYF, Kagawaran ng mga Bata, Kabataan at Pamilya) na hindi pangunahing nagbibigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan;
- Mga pasilidad para sa pananaliksik kung saan walang inihahatid na serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa mga tao;
- Lugar ng pangangalagang pangkalusugan na panghayop;
- Mga ahensiyang tagakontrol ng hayop;
- Mga samahang pantao na walang layuning kumita; at
- Mga tingiang tindahan ng marijuana, kasama na ang mga lugar kung saan nagbibigay ng serbisyo ang mga tagapayo sa medikal na paggamit ng marijuana.

Kung iniaatas ng pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan ang pagsusuot ng mask sa labas ng gusali, dapat kang sumunod sa kanilang mga patakaran sa negosyo. Tingnan ang impormasyon tungkol sa [“mga patakaran sa kuwarto”](#) sa itaas para sa iba pang impormasyon. Mangyaring pumunta sa page ng [Pag-iwas sa Hawahan sa COVID-19 sa mga Lugar ng Pangangalagang Pangkalusugan](#) (nasa wikang Ingles lang) para sa detalyadong patnubay kasama na ang [patnubay sa pagkontrol ng pinagmulan](#) (nasa wikang Ingles lang) at patnubay sa pagbisita sa mga partikular na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan.

Mga Patakaran sa Kuwarto

May karapatan ang mga negosyo, organisasyon, pasilidad at establisimyento na magtakda ng sarili nilang mga patakaran para sa pagsusuot ng mask sa kanilang establisimyento o pasilidad. Inaatasan ang mga negosyo na sumunod sa lahat ng kinakailangan sa [mga direktiba ng L&I](#) (nasa wikang Ingles lang) at maaari nilang iatas ang pagsusuot ng mask sa mga lugar (hal., sa labas ng gusali) upang madagdagan ang proteksiyong hatid ng [Kautusan sa Mask ng Kalihim ng Kalusugan](#) (nasa wikang Ingles lang).

Ang mga lokal na opisyal sa pangangalagang pangkalusugan ay maaari ding magtakda ng mga karagdagang kautusan sa mask na pamprotekta upang malimitahan ang hawahan sa komunidad. Ang mga patakarang ito ay maaaring higit na nakakapagprotekta kaysa sa [Kautusan sa Mask ng Kalihim ng Kalusugan](#) (nasa wikang Ingles lang), ngunit hindi maaaring mas mahina ang proteksiyong ibinibigay ng mga ito.

Bukod pa rito, maaaring kailanganin o gustuhin ng ilang indibidwal na patuloy na magsuot ng mask. May karapatan silang magsuot ng mask sa publiko kahit na hindi aktibong ipinapatupad ang mga pang-estado o lokal na mandato sa pagsusuot ng mask. Mangyaring igtalang ang kanilang kagustuhang magsuot ng mask upang maprotektahan ang kanilang mga sarili, pamilya, at komunidad. Tandaan na kung magsusuot ka ng mask, maaaring hilingin sa iyo na saglit itong tanggalin sa mga sitwasyon gaya ng kung kailangang kunin ang iyong pagkakakilanlan.